Department of Education
**Bureau of Secondary Education**
CURRICULUM DEVELOPMENT DIVISION
**Meralco Ave., Pasig City**

# Project EASE

(Effective Alternative Secondary Education)

## *FILIPINO 1*

# *Modyul 6*

## *Ang Tatlong Prinsipe at ang Mahiwagang Ibon*

# Modyul 6
# Ang Tatlong Prinsipe
# at ang Mahiwagang Ibon



## Tungkol Saan ang Modyul na Ito?

Mahal kong estudyante, tiyak, marami ka nang nabasa at napag-aralang tula, kwento, sanaysay at nobela. Tiyak din, may alam ka tungkol sa mga ***superheroes***, tulad nina Batman, Superman, Catwoman, Darna at iba pa – mga bayaning may kapangyarihang supernatural, o nakagagawa ng mga kababalaghang di kayang gawin ng mga ordinaryong tao tulad mo.

Lumawak ba ang karanasan mo sa pagbabasa tungkol sa mga pakikipagsapalaran nila? Gumalaw ba ang imahinasyon at nakalipad ka sa ere kasama nila?

Kung gayon, halika, hayaang dalhin ka sa makulay na daigdig ng awit ng Adarna at ng pag-ibig ng tatlong magkakapatid na prinsipe.

Sa tulong ng modyul na ito, gisingin mo ang haraya o imahinasyon at makinig sa awit ng mahiwagang Ibong Adarna.

Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang unang bahagi ng koridong ***Ibong Adarna***. Ang korido ay mahabang tulang pasalaysay tungkol sa mga pakikipagsapalarang hindi nagaganap sa tunay na buhay pero nabibigyang buhay ng mayamang imahinasyon.



## Ano ang Matututunan Mo?

Ang kwento tungkol sa mahiwagang ibon at sa tatlong mararangal na prinsipe ay magiging daluyan ng mga kasanayang inaasahang matatamo sa modyul na ito.

Inaasahang matututuhan mo sa modyul na ito na makilala ang korido at masuri ang *Ibong Adarna* batay sa mga tiyak na katangian at pamantayan tulad ng sukat at tugma. Narito ang mga tiyak na kasanayang inaasahang matatamo sa modyul:


1. Nakikila at nasusuri ang korido at ang mga katangian nito

2. Nakabubuo ng mga patunay sa tulong ng mga tiyak na bahaging:
    a. naglalarawan ng tauhan at pag-uugali ng tao (masama o mabuti)
    b. nagsasalaysay ng kanilang mga pakikipagsapalaran

3. Nakapagsusuri nang kritikal sa tulong ng mga tiyak na bahaging nagpapakita ng:
    a. sanhi at bunga kaugnay ng mga pangyayari at kinahinatnan
    b. pakay at motibo ng bawat tauhan
    c. mga paniniwalang inilahad

O, hindi mahirap iyan. Kayang-kaya mo basta't hakbang-hakbang mong susundan ang bawat bahagi ng modyul.

Huwag kang mag-alala. Nasa sarili mong mga kamay ang bilis o bagal ng pag-unlad mong matamo ang mga kasanayang inaasahan sa iyo.



## *Paano mo gagamitin ang modyul na ito?*

Tulad ng sinabi ko sa iyo kaibigan, maraming ihahandog na mga bagong kaalaman sa iyo ang modyul na ito. Magiging madali at matagumpay ang paggamit mo nito kung susundin mo ang mga tuntunin sa ibaba na magsisilbing gabay mo sa iyong pag-aaral. Basahin mo ang mga ito at unawaing mabuti.

1. Una sa lahat, ingatan mo ang modyul na ito. Huwag mo itong dudumihan at susulatan. Gumamit ka ng hiwalay na sagutan/sulatang papel para sa pagsagot sa mga pagsusulit.

2. Sagutin mo at huwag lalaktawan ang *Panimulang Pagsusulit*. Ito ang panimulang hakbang upang masukat at matiyak ang dati mo nang kaalaman sa paksang tatalakayin sa modyul na ito.

3. Kunin mo sa iyong guro ang susi sa pagwawasto. Iwasto mo ang iyong sagot. Maging matapat ka lamang sa pagwawasto, ha? Huwag kang mag-aalala kung mababa ang markang nakuha mo. May inihanda akong mga gawain at iba pang pagsasanay na tiyak na makatutulong sa iyo.

4. Basahin at unawain mong mabuti ang mga teksto bago mo sagutin ang mga gawaing kaugnay nito. Unawain mo ring mabuti ang mga panuto dahil malaki ang maitutulong nito upang maging madali sa iyo ang pagsagot sa mga gawain.

5. Sagutin mo agad ang *Pangwakas na Pagsusulit* upang matiyak mo kung natutunan mo ang aralin, kunin mong muli ang susi sa pagwawasto sa iyong guro. Muli, maging matapat ka sa pagwawasto.

6. Bigyang-halaga mo sana ang modyul na ito, kaibigan. Sikapin mong sagutin ang mga gawaing inihanda ko katulad ng pagsisikap kong matulungan kang matuto.



## *Ano na ba ang alam mo?*

Nabasa mo na ba ang ***Ibong Adarna***? O marahil ay may narinig ka nang kwento tungkol sa isang mahiwagang ibon na ang awit ay nakapagpapagaling ng maysakit.

Nasa ibaba ang ilang tanong para mataya kung ano na ang alam mo sa ngayon kaugnay ng nilalaman ng modyul na ito.

Tandaan: Hindi mo susulatan ang modyul. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

A. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat sa iyong sagutang papel ang **T** kung tama ang pangungusap at **M** naman kung mali.

1. Ang korido ay maikling tulang pasalaysay.
2. Ang korido ay tulang may sukat at tugma.
3. Ang korido ay tungkol sa pakikipagsapalarang posibleng maganap sa tunay na buhay.
4. Kapag sinabing may sukat ang tula, pare-pareho ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.
5. Sinasabing di tiyak ang sukat ng tula kapag hindi pare-pareho ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.
6. Magkatugma ang mga salitang ***pusa*** at ***puso*** dahil parehong may impit na tunog sa dulo.
7. Ang mga tauhan sa isang korido ay karaniwang mga hari at reyna, prinsipe at prinsesa at iba pang mga mahal na tao.
8. Magkatugma ang mga salitang ***lawiswis*** at ***pagaspas*** dahil parehong ***s*** ang dulong tunog.
9. Magkakatugma ang mga salitang ***taksil, sutil*** at ***bilbil.***
10. Ang ***Ibong Adarna*** ay isang korido.

B. Isulat sa sagutang papel ang tamang salita sa mga patlang. Piliin ang sagot sa mga salitang nakakulong sa parentesis.

1. Tatlong magkakapatid ang tauhan sa ***Ibong Adarna***. Ang bida ay ang _______ (panganay, pangalawa, bunso).

2. Ang paborito ng amang hari ay ang _______(panganay, pangalawa, bunso).

3. Sa paghahanap sa mahiwagang ibon, ang nagtagumpay ay ang _________ (panganay, pangalawa, bunso).

4. Dalawa sa tatlong magkakapatid ang naging bato. Sila ay ang __________(panganay at pangalawa, panganay at bunso, pangalawa at bunso).

5. Ang bunsong prinsipe ay nagtagumpay dahil laging siyang nananalangin at humihingi ng gabay at patnubay sa __________ (Mahal na Birhen, Panginoong Hesukristo, San Jose).

6. Nakatulong sa bunsong prinsipe ang isang _________ (matandang lalaki, matandang babae, munting bata).

7. Naging bato ang dalawang nakatatandang kapatid dahil napatakan sila ng _______ (dumi, laway, balahibo) ng Ibong Adarna.

8. Nang magkasakit ang Hari, ang tanging lunas ay ang _____ (laway, awit, itlog) ng Ibong Adarna.

9. Hindi nakasabay sa pag-uwi ng mga kapatid ang bunso dahil ___________ (binugbog siya ng 2 kapatid, binugbog siya ng mga magnanakaw, binugbog siya ng taong bayan).

10. Nang makauwi na ang bunso at umawit na ang Adarna, ang Hari ay biglang _______ (gumaling, naglubha, namatay).

C. Basahin ang ilang piling saknong at piliin sa mga salita sa ibaba ang katangiang ipinapahayag sa bawat saknong.

**47** Si Don Pedro'y tumalima
sa utos ng Haring ama,
iginayak kapagdaka
kabayong sasakyan niya.

(a) masunurin (b) mapagpakumbaba (c) matulin

**146** Sa lalagya'y dinukot na
yaong tinapay na dala,
iniabot nang masaya
sa matandang nagdurusa

(a) mapagkawanggawa (b) maramot (c) masayahin

**231** Nang sila ay magpaalam
ay lumuhod si Don Juan
hiniling na bendisyunan
ng Ermitanyong marangal.

Ang bendisyon ay:
(a ) patnubay ng matanda
(b) pagluhod sa matanda
(c) paghiling sa matanda

**290** "Sa akin po ay ano na
sinadlak man nga sa dusa,
kung may daan pang magkita
pag-ibig ko'y kanila pa."

(a) mapagpatawad (b) malilimutin (c) matampuhin

**394** "Malaki man po ang sala
sa aki'y nagawa nila,
yaon po ay natapos na't
dapat kaming magkasama."

(a) mapagtanim ng galit
(b) mapagpahalaga sa pagsasama ng magkakapatid
(c) mapag-isip ng masama sa kapatid

D. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Alin ang sanhi at alin ang bunga sa dalawang pangyayaring inilalahad sa bawat pangungusap?

1. Pagod si Don Pedro kaya nakatulog agad.

Sanhi __________________ Bunga _______________

2. Di nakalilimot humingi ng patnubay si Don Juan kaya laging may tumutulong sa kanya.

Sanhi ________________ Bunga ________________

3. Ayaw umawit ng Ibong Adarna, kasi'y di nakasama sa pag-uwi sa Berbanya ang tunay na nakahuli sa kanya.

Sanhi _______________ Bunga _________________

4. Mainggitin si Don Pedro kaya siya nag-isip ng masama laban sa sariling kapatid.

Sanhi _______________ Bunga _________________

5. Gumaling ang hari nang marinig ang awit ng Ibong Adarna.

Sanhi _______________ Bunga _________________

6. S18 T1-2: "Sa pag-ibig ng magulang/ mga anak ay dumangal."

Sanhi_______________ Bunga _____________________

E. Anong paniniwala ang inilalahad sa sumusunod na mga saknong:

**19** May paniwala ang ama
na di ngayo't Hari siya,
maging mangmang man ang bunga
sa kutya ay ligtas sila.

a. kapag anak ng hari, igagalang kahit hindi nakapag-aral
b. kahit anak ng hari ay kailangang mag-aral
c. kapag anak ng hari ay ligtas sa pagkutya

**20** Alam niyang itong tao
kahit puno't maginoo
kapag hungkag din ang ulo
batong agnas sa palasyo.

a. mahalaga ang may mataas na pinag-aralan ang mga namumuno ng kaharian
b. mahalagang walang laman ang ulo ng mga namumuno
c. mahalaga ang maging puno't maginoo

**30** Ngunit itong ating buhay
talinghagang di malaman
matulog ka nang mahusay
magigising nang may lumbay.

a. isang palaisipan ang buhay
b. kapag masaya kang natulog, may problema paggising mo
c. paggising mo ay laging may problema

Mahal kong estudyante, kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel. Ano ang nakuha mong marka? Kung nakakuha ka ng 28 pataas, di mo na kailangang pag-aralan ang modyul na ito. Maaari ka nang magpatuloy sa Modyul 7.

Pero kung wala pang 28 ang nasagutan mo nang tama, kailangan mo ang modyul na ito.

## ✍ Mga Gawain sa Pagkatuto

Sub-Aralin 1

### Ang Korido at ang mga Katangian Nito

***Layunin***: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang nakikilala at nasusuri mo ang korido at ang mga katangian nito.

**Alamin**

Nabanggit na sa unahan ng modyul ang ***korido***. Natatandaan mo pa ba kung ano na ang nabanggit tungkol sa korido? Tama. Ito ay mahabang tulang pasalaysay.

May iba pa kayang katangian ang korido? Ipagpatuloy mo ang pagbasa upang malaman ang sagot.

Narito ang iba pang mga katangian ng korido:

1. May ***sukat*** at ***tugma***. Sinasabing may ***sukat*** ang tula kung pare-pareho ang bilang ng pantig ng mga salitang bumubuo sa bawat taludtod o linya ng tula.

   Bilangin mo nga ang mga pantig sa unang saknong ng *Ibong Adarna*:

O Birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit,
liwanagin yaring isip
nang sa layo'y di malihis.

Ilan ang bilang ng pantig sa bawat taludtod? Walo, di ba? Pare-parehong walo ang pantig sa bawat taludtod. Kapag korido ang pinag-uusapan, laging walong pantig mayroon sa bawat taludtod.

May ***tugma*** naman kung ang mga dulong salita sa bawat taludtod ay magkakapareho ng tunog. Balikan mo ang saknong sa itaas. Ano ang mga salita sa dulo ng bawat taludtod? Di ba ***kaibig-ibig, langit, isip*** at ***malihis***? Ano ang dulong tunog?

Di ba ***g, t, p*** at ***s***? Magkakatugma ang mga katinig na iyan. Pero pansinin mo rin na ang patinig bago ang mga dulong tunog na nabanggit ay pawang ***i***. Kung hindi magkapareho ang huling patinig, hindi masasabing magkatugma ang dalawang salita.

May iba pa bang katangian ang korido? Mayroon pa. Magpatuloy ka.

1. Ito'y sadyang para basahin, hindi awitin

2. Kapag inawit, mabilis ang himig o ***allegro***. Ito ay dahil maiikli ang mga taludtod; wawaluhing pantig lamang.

3. Ang mga tauhan ay may kapangyarihang *supernatural*, o may kakayahang magsagawa ng mga kababalaghang di kayang gawin ng karaniwang tao, tulad ng pagpatag ng bundok sa isang magdamag lamang

4. Malayong maganap sa tunay na buhay ang pakikipagsapalaran ng mga tauhan.

Ang ***Ibong Adarna*** ang itinuturing na pinakapopular na korido. Ayon kay Pura Santillan-Castrence (Publikasyon Blg. 26, Surian ng Wikang Pambansa, 1940), ang kwento ng mahiwagang ibong ito ay maaaring hinango sa mga kwentong bayan ng ibang bansa, gaya ng Germany, Denmark, Romania, Finland, Indonesia at iba pa.

Kung mayroon kang mapa ng daigdig, pwede mong tingnan ang lokasyon ng mga bansang ito.

Sa palagay mo, ginaya nga lamang kaya sa ibang bansa ang kwento tungkol sa mahiwagang ibon? Maaaring oo, maaari rin namang hindi. Isa lamang iyan sa mga pananaw kaugnay ng ***Ibong Adarna***.

May iba pang pananaw. Sinasabi naman ng mga foklorista na ang mga kwentong bayan, saan mang dako ng daigdig, ay sadyang may pagkakahawig, may iisang *motif* o sinusunod na balangkas. Gayon man, nagkakaiba ang mga ito sa mga detalye. Bakit? Nahulaan mo. Siguro, dahil sa kultura at mga halagahan ng partikular na bansang bumuo nito, di ba?

Samakatwid, kahit mga prinsipe at prinsesa mula sa malalayong bayan ang mga bida sa korido, kitang-kita pa rin sa mga kilos, pananalita at paniniwala ang kanilang pagka-Pilipino. Mapapatunayan mo ito sa pag-aaral ng ***Ibong Adarna***.

Ang ***Ibong Adarna*** ay may 1717 saknong. Hinati ito sa apat na bahagi. Pag-aaralan mo sa modyul na ito ang unang bahagi.

Narito ang buod ng unang bahagi ng *Ibong Adarna*:

*Tatlong prinsipe ang mga anak nina Haring Fernando at Reyna Valeriana ng Berbanya: sina Don Pedro, Don Diego at Don Juan. Isang masamang panaginip ang nagbunga ng malubhang pagkakasakit ng hari, na ang tanging lunas ay ang awit ng mahiwagang Ibong Adarna.*

*Unang naghanap sa ibon ang panganay na si Don Pedro at pagkaraan ay ang pangalawang si Don Diego. Kapwa sila naging bato. Nang ang bunsong si Don Juan naman ang naghanap, dalawang matanda ang nakatulong upang mahuli nito ang ibon at maging taong muli ang dalawang kapatid.*

*Nang pauwi na sila, binugbog ng dalawang kapatid si Don Juan at iniwan itong hindi makabangon. Pagdating sa kaharian, tumangging umawit ang Adarna, na naging isang napakapangit na ibon. Samantala, isang matanda ang tumulong kay Don Juan kaya ito gumaling at nakauwi. Pagdating niya sa palasyo, inawit ng ibon ang naging pagtataksil ng nakatatandang mga kapatid. Nakiusap si Don Juan na patawarin ng hari ang dalawa. Mula noon, gabi-gabing pinabantayan ng hari ang ibon sa tatlong anak na halinhinan sa pagbabantay.*

Ang ganda ng kwento, di ba? Unang bahagi pa lamang iyan. Napaglalaro mo ba sa isip ang larawan ng tatlong prinsipe? Aling talata ang nagpapakilala sa mga pangunahing tauhan? Tama, ang unang talata.

Ano na nga ang mga pangalan nila? Don Pedro, Don Diego at Don Juan, di ba?

May problemang dumating sa kaharian. Ano ito? Kung ang sagot mo ay ang pagkakasakit ng hari, tama ka. Ano naman daw ang solusyon? Kailangan daw hulihin ang mahiwagang Ibong Adarna!

Nailalarawan mo ba sa isip ang hirap na dinanas ng tatlong prinsipe para lamang magtagumpay sa kanilang misyon? Alam mo ba kung ano lamang ang sasakyan nang mga panahong iyon? Tama ka. Kabayo.

Para mas mapahalagahan mo ang koridong pinag-aaralan, basahin ang ilang tiyak na saknong sa ibaba. Sa pagtukoy sa mga saknong, gagamitin ang ***S*** upang katawanin ang salitang ***Saknong*** at ang ***T*** naman para sa ***Taludtod***. Kaya kapag nabasa mo ang ***S1 T2***, ang tinutukoy nito ay ang ***Saknong 1 Taludtod 2***.

***Ang simula ng korido***. May paraan ng pagsisimula ang isang korido. Mahulaan mo kaya kung paano sinisimulan ang korido?

Tama. Sa isang panawagan o sa isang paghahandog, na karaniwan ay sa isang patrong pintakasi.

Mayroon bang patrong pintakasi sa inyong lugar? Sa koridong ito, sino kaya ang patrong pinipintakasi? Magpatuloy ka ng pagbasa. Basahing muli ang unang saknong.



1 O, Birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit,
liwanagin yaring isip
nang sa iyo'y di malihis.

Kanino nananawagan ang makata? Di ba sa Birhen? Si Birheng Maria na ina ng lahat ang tinatawagan ng makata. Ano naman ang ipinapahayag ng mga kasunod na saknong?

2 Ako'y isang hamak lamang
taong lupa ang katawan,
mahina ang kaisipan
at maulap ang pananaw.

3 Malimit na makagawa
ng hakbang na pasaliwa
ang tumpak kong ninanasa
kung mayari ay pahidwa.

4 Labis yaring pangangamba
na lumayag na mag-isa
baka kung mapalaot na
ang mamangka'y di makaya.

Ano ang mga ideang ipinapahayag sa mga saknong sa itaas? Kung ang sagot mo ay (a) pagpapakumbaba at (b) pagmaliit sa sariling kakayahan, tama ka. Sinasabi sa mga saknong 2-4 na kailangan ng makata ng pamamatnubay upang hindi siya magkamali sa pagsasalaysay. Magpatuloy ka.

5 Kaya, Inang matangkakal,
ako'y iyong patnubayan,
nang mawasto sa pagbanghay
nitong kakathaing buhay.

Bigyang pansin ang ***Birheng kaibig-ibig*** sa S1, at ang ***Inang matangkakal*** sa S5. Dalawang magkaibang patron kaya sila? Tama ka, iisa lamang sila, na walang iba kundi ang Mahal na Birheng Maria.

Batay sa binasa mong saknong, ano ang kahulugan ng salitang ***matangkakal***? Kung di mo pa alam, ito'y nangangahulugang ***mapagtangkilik***, o siyang nag-aalaga at laging pumapatnubay sa mga nilalang ng Diyos.

Ganito ang karaniwang simula ng korido, ang paghingi ng makata ng patnubay sa Birhen upang di magkamali sa gagawing pagsasalaysay. Ideang relihiyoso ito, di ba? Karaniwan din na ang bidang nagtatagumpay sa pakikipagsapalaran ay iyong madasalin, di nakalilimot sa Diyos, at maawain sa kapwa.

Bakit kaya ganito? Di ba panahon ng Kastila nang isinulat ang korido? Ano ang isa sa mga dahilan ng pananakop ng mga Kastila sa Pilipinas? Kung ang sagot mo ay upang magpalaganap ng kaisipang Kristiyano, tama ka.

Kaya nga ang korido at iba pang mga anyong pampanitikan nang panahon ng pananakop ng mga Kastila ay may temang relihiyoso.

Sa palagay mo, pumapasok na ba rito ang kultura at halagahang una nang nabanggit na bahagi ng pagkakaiba-iba sa detalye ng mga kwentong bayan ng iba't ibang bansa? Kung oo ang sagot mo, tama ka na naman. Kung hindi, suriin mong mabuti ang iyong sarili. Di ba bahagi ng kulturang Pilipino ang pagdarasal sa tuwi-tuwina, maging ang tinatawagan ay ang Panginoong Diyos, si Yahweh, o si Allah?

**Linangin**

Nabanggit na sa bahaging ***Alamin*** ang tungkol sa sukat at tugma. May karagdagan ka pa kayang kaalamang dapat ding matutuhan kaugnay pa rin ng sukat at tugma? May mga tanong sigurong nabubuo sa isip mo na ibig mong liwanagin. Para masagot ang mga tanong mo, basahin ang S12, na naglalarawan sa reyna ng Kahariang Berbanya:

Kabiyak ng puso niya
ay si Donya Valeriana,
ganda'y walang pangalawa't
sa bait ay uliran pa.



Bigyang pansin ang T1. Ilang pantig ang nabilang mo? Pito lamang? Hindi, walo pa rin ang pantig sa taludtod na iyon. Kasi, ang salitang ***niya*** ay binibigkas noon na may dalawang pantig: ***ni-ya***. Mabilis ang bigkas na ang diin ay nasa pangalawang pantig na ***YA***.

May ibang tula (hindi korido) na hindi pare-pareho ng bilang ng pantig ang mga taludtod. Sinasabing ito'y ***walang tiyak na sukat***.

Balikan mo naman ang tugma sa saknong ding nabanggit. Ano ang magkakatugmang tunog sa dulo ng bawat taludtod? **A,** di ba? Pero teka, di ba ang huling salita sa T3 ay ***pangalawa't***? Samakatwid ay ***t*** ang huling tunog? Ang ***pangalawa't*** ay pinaikling ***pangalawa at***. Ang itinuturing pa ring huling tunog ay **a** at di ang huling tunog ng idinagdag at pinaikling ***at***.

Maaaring magkakatugma ang lahat ng taludtod sa isang saknong – ito ang tinatawag na tugmaang ***a a a a***. Ang halimbawa nito ay ang saknong sa itaas. Sa isang korido, ang tugmaan ay ***a a a a.***

Basahin naman ang halimbawa sa ibaba:

"Sirena ng Pasig"

1. Umaawit ang sirena
2. sa pampang ng ilog Pasig.
3. Ang puso niya'y lumuluha
4. sa paglisan ng pag-ibig

***-- Aurora E. Batnag***

(Nilagyan ng mga bilang ang mga taludtod para lamang para kung alin ang tinutukoy.)

Napansin mo ba ang magkakatugmang dulong salita: ***sirena*** (T1) at ***lumuluha*** (T 3)? Gayon din ang ***Pasig*** at ***pag-ibig*** (T2 at T4)?

Samakatwid, anong mga taludtod ang magkakatugma sa saknong sa itaas? Di ba ang T1 at T3, T2 at T4?

Kung ang magkatugma ay taludtod 1 at taludtod 3, taludtod 2 at taludtod 4, ang tugmaan ay ***a b a b***.

Balikan naman ang S3:

Malimit na makagawa
ng hakbang na pasaliwa
ang tumpak kong ninanasa
kung mayari ay pahidwa.

Ano namang mga tunog ang magkakatulad sa apat na taludtod sa itaas? Kung ang sagot mo ay ***a*****,** tama ka. Ngunit pansinin mo rin na pawang may impit na tunog sa dulo ng ***makagawa, pasaliwa, ninanasa*** at ***pahidwa***. Kung walang impit na tunog sa dulo, hindi katugma ng mga salitang nabanggit.

Upang maging mas malinaw pa, balikan ang S4.

Labis yaring pangangamba
na lumayag na mag-isa
baka kung mapalaot na
ang mamangka'y di makaya.

Anu-ano ang dulong tunog? Di ba ***a*** rin ang huling tunog sa mga salitang ***pangangamba, mag-isa, na*** at ***makaya*** sa S4? Ngunit ang mga salitang ito ay hindi katugma ng mga dulong salita sa S3. Masasabi mo ba kung bakit? Tama. Dahil ang mga dulong salita sa S3 ay pawang may impit na tunog. Samakatwid, ang mga salitang may impit na tunog ay di katugma ng mga salitang walang impit na tunog. Maliwanag na ba?

Kung oo, handa ka na sa susunod na gawain. Sige, magpatuloy ka. Pero kung di pa maliwanag sa iyo, balikan mo ang aralin.

## Gamitin

Ngayon, ilalapat mo na ang mga natutuhan mo.

1. ***Sukat: Pagbilang ng mga pantig***. Basahin ang ilang piling bahagi ng tula/awit sa ibaba. Bilangin ang pantig ng bawat taludtod. Isulat ang bilang ng bawat taludtod sa iyong sagutang papel.

“Lupang Hinirang”

1. Bayang magiliw
2. Perlas ng silanganan
3. Alab ng puso
4. Sa dibdib mo’y buhay
5. Lupang hinirang
6. Duyan ka ng magiting
7. Sa manlulupig
8. Di ka pasisiil

***Bahagi ng “Pambansang Awit”***

“Bayan Ko”

1. Ang bayan kong Pilipinas
2. Lupain ng ginto’t bulaklak
3. Pag-ibig ang sa kanyang palad
4. Nag-alay ng ganda’t dilag
5. At sa kanyang yumi at ganda
6. Dayuhan ay nahalina
7. Bayan ko, binihag ka
8. Nasadlak sa dusa

***Bahagi ng “Bayan Ko” ni Jose Corazon de Jesus***

2. ***Tugma***: Isulat din sa iyong sagutang papel ang huling tunog sa bawat taludtod. Pagkatapos mong maitala ang mga ito, isulat ang iyong pagsusuri kung may sukat at tugma ang tula/awit.

Ano ang mga sagot mo? Katulad ba ng nasa ibaba?

“Lupang Hinirang” – Ang bilang ng mga pantig ay: T1 – 5; T2 – 7; T3 – 5; T4 – 6; T5 -5; T6 – 7; T7 – 5; at T8 – 6. Ang mga dulong tunog ay: T1 – w; T2 – n; T3 – o; T4 – y; T5 - g; T6 – g; T7 - g; at T8 - l.

“Bayan Ko” – Ang bilang ng mga pantig ay: T1 – 8; T2 – 9; T3 – 9; T4 – 8; T5 – 9; T6 -8; T7 – 7; at T8 – 6. Ang mga dulong tunog ay: T1 – s; T2 – k; T3 – d; T4 – g; T5 – a; T6 – a; T6 – a; at T8 – a.

Ano ang napansin mo tungkol sa bilang ng pantig at sa mga dulong tunog? Di magkakapareho, di ba? Hindi magkakapareho ang bilang ng pantig at ang mga dulong tunog. O kung may ilan mang pagkakatulad ng dulong tunog ay di naman masasabing may sinusunod na pattern.

Ano ngayon ang mabubuo mong kongklusyon batay sa naitala mo? Ito ba ang sagot mo: Ang "Lupang Hinirang" at "Bayan Ko" ay kapwa walang tiyak na sukat sapagkat hindi pare-pareho ang mga bilang ng pantig sa bawat taludtod. Napansin mo rin sigurong walang tugma dahil hindi magkakapareho ng tunog sa dulo ng taludtod.

Sige, tingnan mo nga kung talagang malinaw na ang tugmaan sa iyo. Heto pa ang isang pagsasanay. Balikan ang S1-5 at itala ang magkakatugmang tunog. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

**1** O, Birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit,
liwanagin yaring isip
nang sa iyo'y di malihis.

**2** Ako'y isang hamak lamang
taong lupa ang katawan,
mahina ang kaisipan
at maulap ang pananaw.

**3** Malimit na makagawa
ng hakbang na pasaliwa
ang tumpak kong ninanasa
kung mayari ay pahidwa.

**4** Labis yaring pangangamba
na lumayag na mag-isa
baka kung mapalaot na
ang mamangka'y di makaya.

**5** Kaya, Inang matangkakal,
ako'y iyong patnubayan,
nang mawasto sa pagbanghay
nitong kakathaing buhay.

**Lagumin**

Malinaw na marahil sa iyo kung ano ang korido at ang mga katangian nito. Upang maging mas malinaw, narito ang mga pangunahing puntos ng sub-aralin na inilahad sa anyong Tanong at Sagot.

1. Ano ang korido?
- mahabang tulang pasalaysay.
- may sukat at tugma
- sadyang para basahin, hindi para awitin
- kapag inawit, ang himig ay mabilis o allegro
- ang mga tauhan ay may kapangyarihang supernatural
- malayong maganap sa tunay na buhay.

2. Kapag sinabing may sukat at tugma ang isang tula, ibig sabihin ba'y
- pare-pareho ng bilang ng pantig ang lahat ng taludtod
- magkakapareho ang mga dulong tunog ng mga taludtod

3. Ano ang sukat o bilang ng pantig sa bawat taludtod ng Ibong Adarna?
- Walong pantig bawat taludtod.

4. Ang *Ibong Adarna* ba ay isang halimbawa ng korido?
- Oo. Taglay nito ang mga katangian ng isang korido. Ang totoo, ang Ibong Adarna ang itinuturing na pinakapopular na korido.

5. Paano nagsisimula ang isang korido?
- Sa isang panawagan sa isang patrong pintakasi o sa Mahal na Birhen.

6. Sa isang korido, ano ang mga katangian ng bida, o ng tauhang nagtatagumpay sa kanyang mithi?
- Karaniwang siya ay madasalin, di nakalilimot manawagan at humingi ng patnubay sa Birhen, magalang sa matatanda, mapagkawanggawa, mapagmahal at iba pang positibong katangian

7. Ano ang dahilan kung bakit nangingibabaw ang mga ideang relihiyoso sa mga korido?
- Upang magpalaganap ng mga kaisipang Kristiyano

Malinaw na ba ang mga pangunahing puntos ng Sub-Aralin 1? Kung gayon, handa ka na ba sa isang pagsubok?

**Subukin**

1. Basahin ang mga saknong at sagutin ang mga tanong:

**1** O Birheng kaibig-ibig
Ina naming nasa langit,
liwanagin yaring isip
nang sa layo'y di malihis.

i. Kanino nananawagan ang makata?
ii. Iisa ba ang Birheng kaibig-ibig at ang Inang nasa langit?
iii. Ang *layo'y* sa T4 ay alin sa dalawa: (1) layon ay, (2) layo ay
iv. Magbigay ng maikling paliwanag tungkol sa pinili mong sagot sa (c )
v. Ilan ang bilang ng mga pantig sa S1?

**4** Labis yaring pangangamba
na lumayag na mag-isa,
baka kung mapalaot na
ang mamangka'y di makaya.

a. Ang salitang ***pangangamba*** ay nagsasaad ng (1) takot, (2) yabang, (3) lungkot

b. Ang gagawing pagsasalaysay ng makata ay inihambing niya sa (1) paglalakbay sa dagat o ilog, (2) paglalakbay sa bundok, (3) paglalakbay sa ere

c. Ang mga salitang sumusuporta sa sagot sa (b) ay (1) _______, (2) __________ at (3) ____________.

d. Isulat sa iyong sagutang papel ang mga huling salita sa bawat taludtod ng S4.

**8** Sa kanyang pamamahala
kaharia'y nanagana,
maginoo man at dukha
tumanggap ng wastong pala.

a. Anong klaseng Hari ang namumuno sa kaharian:
(1) masamang mamahala,
(2) mahusay mamahala

b. Sa kaharian ay
(1) may pagkakapantay-pantay ang mga mahirap at mayaman,
(2) walang pagkakapantay-pantay

c. Hindi dumaranas ng taggutom ang mga tao sa kahariang ito. Ang salitang nagpapatunay nito ay ___________.

d. May impit na tunog ang mga huling patinig sa bawat taludtod ng S8.
Tama o mali?

2. Bilangin ang mga pantig sa bawat taludtod ng tula sa ibaba:

Nakikita ko ang sarili ko sa iyo:
Isang bulaklak na minsang may pitlag,
Lumulukso sa kaway ng hangin
O yakap ng ulan,
Iniinggit ang mga bituin,
Pinangingimbulo maging ang araw.

***Mula sa "Kuwadrong Walang Pangalan"***
***ni Elynia S. Mabanglo***

3. Alin sa mga salita sa ibaba ang magkakatugma? Pangkatin ang mga ito ayon sa pagiging magkatugma.

| | |
|---|---|
| pag-ibig | Pasig |
| Pilipinas | luha |
| palad | ganda |
| dusa | sirena |
| dilag | halina |
| ligaya | basbas |
| paspas | lawiswis |
| pagaspas | bagwis |
| lipad | lipas |
| hangin | bangin |
| urong | sulong |
| giliw | baliw |

(Kailangang makabuo ka ng anim (6) na pangkat ng magkakatugmang salita.)

4. Buuin ang pangungusap:

1. Ang mga salitang ***pagaspas*** at ***lawiswis***, kahit parehong nagtatapos sa **s** ay di magkatugma dahil ______________________________.

2. Ang ***dusa*** ay katugma ng ***ligaya***; magkatugma rin ang ***dalita*** at ***dukha*** ngunit ang ***dusa*** at ***dukha*** ay di magkatugma dahil ____________.

Mahal kong estudyante, kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel. Ano ang nakuha mong marka? Kung nakakuha ka ng 15 pataas, maaaring patuluyin ka ng iyong guro sa Sub-Aralin 2. Di mo na kailangang sagutan ang ***Paunlarin***. Pero kung wala pang 15 ang nakuha mong marka, kailangang sagutan mo ang ***Paunlarin***.

**Paunlarin**

1. Basahin ang mga saknong sa ibaba at sagutin ang mga tanong.

**5** Kaya, Inang matangkakal
ako'y iyong patnubayan
nang mawasto sa pagbanghay
nitong kakathaing buhay.

a. Sino ang tinutukoy na "Inang matangkakal"

b. Ano ang ibig sabihin ng "matangkakal"?

c. May nauna na bang bahagi ng sub-aralin na nagpapaliwanag ng salitang ito? Saang pahina?

d. Ang salitang "buhay" sa T4 ay maaaring tumutukoy sa (1) buhay ng Inang matangkakal, (2) buhay ng makata, (3) buhay ng prinsesa at prinsipeng isasalaysay ng makata.

**6** At sa tanang nariritong
nalilimping maginoo
kahilinga'y dinggin ninyo
buhay na aawitin ko.

a. Ang 'tanang naririto' sa T1 ay nangangahulugang _________ (lahat ng naririto, mga tumakas na naririto, mga nagtatagong naririto)

b. Ang ‘nalilimpi’ ay nangangahulugang ___________ (nagkakatipon, nagagapi, napipipi)

c. Ano ang kahilingang nakasaad sa saknong? (1) pakinggan ng mga maginoo ang aawitin niyang buhay, (2) pakinggan ang buhay niya.

**9** Bawat utos na balakin
kaya lamang pairalin
kung kanya nang napaglining
na sa bayan ay magaling.

a. Ano ang ibig sabihin ng ‘napaglining’ sa T3? Ito ba ay (1) napag-isipan, (2) nabalitaan, (3) naipatupad.

b. Laging iniisip ng hari ang (1) kagalingan ng bayan, (2) pag-uutos sa bayan, (3) pagpapairal ng batas.

c. Sa palagay mo, ang haring tinutukoy rito ay __________ (mabuti o masama) kasi __________________.

2. Nasa ibaba ang S22 mula “Kay Celia,” ang bahaging Paghahandog ng makata ng kanyang mahabang tulang ***Florante at Laura***. Basahin ang saknong at sagutin ang mga tanong sa ibaba.

Ikaw na bulaklak niring dili-dili
Celiang sagisag mo’y ang M.A.R.
sa Birheng mag-ina’y ipamintakasi
ng tapat mong lingkod na si F.B.

a. Sa koridong ***Ibong Adarna***, ang korido ay nagsisimula sa isang panawagan sa ____________.

b. Sa ***Florante at Laura***, nananawagan din ang makata ngunit hindi sa Birhen kundi kay _________.

c. Ang bilang ng mga pantig sa bawat taludtod ng ***Florante*** ay ____ samantalang sa Ibong Adarna, ang bilang ng mga pantig ay ____.

d. Ang tugmaan sa ***Ibon*** ay ***a a a a***, na may iisang tugma ang apat na taludtod; samantala, sa ***Florante***, ang tugmaan ay _______ (pareho sa ***Ibon***, di pareho sa ***Ibon***).

***Mga Sagot***

1.
Saknong 5:

a. Mahal na Birheng Maria
b. Mapagtangkilik
c. Mayroon. Pahina 10.
d. (3) buhay ng prinsesa at prinsipeng isasalaysay ng makata

Saknong 6:

a. lahat ng naririto
b. nagkakatipon
c. pakinggan ng mga maginoo ang aawitin niyang buhay

Saknong 9:

a. napag-isipan
b. kagalingan ng bayan
c. mabuti, kasi laging nag-iisip ng kagalingan ng bayan.

2.
a. Mahal na Birhen
b. Celia
c. 12, 8
d. a a a a

## Sub-Aralin 2:

## Pagsusuri sa mga Tauhan: Kung Ugali ay Maganda

**Layunin**

Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang ikaw ay nakabubuo ng mga patunay sa tulong ng mga tiyak na bahaging:

- naglalarawan ng tauhan at pag-uugali ng tao (masama o mabuti)
- nagsasalaysay ng mga pakikipagsapalaran ng mga tauhan

**Alamin**

Tatlong magkakapatid na prinsipe ang mga tauhan sa unang bahaging ito ng ***Ibong Adarna***. Sinu-sino ang mga ito? Di ba sina Don Pedro, Don Diego at Don Juan?

Ang isa sa kanila ang bida. Mahulaan mo kaya kung sino, ngayon pa lamang? Ang panganay kaya, ang pangalawa, o ang bunso?

Silang tatlo'y nagtamo ng tamang edukasyong angkop sa isang magiging hari. Naturuan din sila ng wastong asal. Ngunit may pagkakaiba sila sa pagkatao, gaya ng makikita sa paglalarawan sa kanila sa sumusunod na mga saknong.

14 Si Don Pedro ang panganay
may tindig na pagkainam,
gulang nito ay sinundan
ni Don Diegong malumanay.



15 Ang pangatlo'y siyang bunso
si Don Juan na ang puso'y
sutlang kahit na mapugto
ay puso ring may pagsuyo.

16 Anak na kung palayawa'y
*Sumikat na isang Araw*,
kaya higit kaninuman,
sa ama ay siyang mahal.

O ngayon, tiyak mo na kung sino ang bida sa tatlong magkakapatid? Sino ang pinakamahal ng ama?

Kung ang sagot mo'y si Don Juan, tama ka. Balikan mo ang saknong na nagsasaad nito. Tama, ito ay S16.

Pero teka, tama ba naman iyong may paboritismo ang ama? Ano sa palagay mo? Kung ikaw ang paborito, okey lang, di ba? Paano kung hindi ikaw? Maging mainggitin ka kaya? Siyempre, hindi, dahil alam mong hindi tama ang maging mainggitin.

Napansin mo rin ba na samantalang iisang saknong ang iniukol sa dalawang nakatatandang kapatid, dalawang saknong ang nakaukol kay Don Juan? Kasi, siya ang bida.

Magpatuloy ka ng pagbabasa.

Isang gabi, nanaginip ang Hari. Ang pinakamamahal daw niyang bunsong anak ay nililo at pinatay ng dalawang tampalasan. Mula noon, hindi na nakakain ang Hari hanggang sa manghina at maratay. Ang tanging lunas: ang awit ng Ibong Adarna, isang mahiwagang ibon na ang napakatamis na awit ay nakapagpapagaling ng maysakit. Inutusan ang panganay na hanapin ang ibon.

Agad namang sumunod ang panganay. Ang laki ng responsibilidad ng isang panganay, di ba? Siya ang unang isinusuong sa panganib. Ngunit wala naman siyang tutol dahil mahal niya ang ama.

Sa pag-akyat sa isang bundok, masamang kapalaran ang inabot niya: namatay ang kabayo ni Don Pedro. Ano ang ginawa niya? Itinigil na ba niya ang paghahanap at umuwi na lamang?

Hindi. Ipinagpatuloy niya ang paglalakbay hanggang makarating sa Bundok Tabor, at nakita niya ang isang punong kumikinang. Sa tindi ng pagod, naupo siya sa ilalim nito at di namalayan ang pagdating ng Ibong Adarna, na pagdapo sa sanga ng puno ay pitong beses na umawit at pitong beses ding nagpalit ng balahibo. Hindi ito nasaksihan ni Don Pedro dahil tulog na tulog siya habang nagaganap ang magandang palabas. Kinulang kasi siya ng tiyaga sa paghihintay sa ibon. Kaya, ano ang nangyari sa kanya?

Matapos umawit, dumumi ang ibon at napatakan ang tulog pa ring prinsipe, na agad naging bato.

Si Don Diego naman ang naatasang maghanap sa ibon. Dumanas din ng hirap ang pangalawang anak at namatay rin ang kabayo niya. Sa matinding pagod na di nakayanan kaya namatay ang kabayo. Ano ang ginawa ng pangalawang anak?

Tama, ipinagpatuloy niya ang paghahanap hanggang sa wakas ay nakita niya ang makinang na punong Piedras Platas na tirahan ng Adarna. Nakita niya ang pagdating ng ibon. Agad siyang nagsabing: “Ikaw ngayo’y pasasaan/at di sa akin nang kamay.” (S102). Hindi magandang ugali ito, di ba? Sabi nga, hindi mo pa dapat angkinin ang tagumpay hangga’t di mo pa hawak sa kamay. Sang-ayon ka ba?

Kaya, ano ang nangyari kay Don Diego? Sa tamis ng awit ng ibon, nakatulog siya, napatakan ng dumi nito, at naging bato tulad ni Don Diego. Kung si Don Pedro’y nagkulang sa tiyaga, kaya agad natulog di pa man humahapon ang Adarna, si Don Diego naman, sobra ang tiwala sa sarili pero hindi napaglabanan ang antok nang marinig ang awit ng ibon.

Si Don Juan naman ang naglakbay upang hanapin, hindi lamang ang ibong lunas sa sakit ng ama, kundi pati ang dalawang nakatatandang kapatid.

Ngunit iba si Don Juan sa dalawang nauna. Alam mo ba kung ano ang ikinaiba niya?

Tingnan mo nga kung ganito rin ang naiisip mo.

1. Una, bago umalis si Don Juan, humingi ng bendisyon sa ama:

123 Si Don Jua’y lumuhod na
sa haring may bagong dusa,
“Bendisyon mo, aking ama,
babaunin kong sandata.”

Bakit mahalaga kay Don Juan ang bendisyon ng ama? Tama, dahil ito raw ang babaunin niyang sandata.

Di ba iyan ay tradisyong Pilipino, tanda ng pagkamagalangin sa matanda ng ating bidang prinsipe?. Ikaw rin ba'y sumusunod sa ugaling ito?

2. Hindi rin siya gumamit ng kabayo, sapagkat nakahanda siya sa malaking hirap, gaya ng nakasaad sa S126.

126 Di gumamit ng kabayo
sa paglalakbay na ito,
tumalaga nang totoo
sa hirap na matatamo.

127 Matibay ang paniwalang
di hamak magpakaaba,
pag matapat ka sa nasa
umaamo ang biyaya.

Naniniwala siyang matatamo ang mithi kung talagang paghihirapan. Hanapin mo nga kung saang mga taludtod nakasaad ang ideang ito. Tama ka kung T3-4 ang sagot mo. Ganito rin ba ang paniniwala mo?

3. Laging nagdarasal si Don Juan at di nakalilimot na humingi ng patnubay ng Birhen.

129 Habang kanyang binabagtas
ang parang na malalawak
sa puso ay nakalimbag
ang Birheng Inang marilag.

**130** Hinihinging patnubayan
ang ulila niyang lagay,
hirap ay mapagtiisan
sa pag-ibig sa magulang.

Ano ang hiningi niya? Di ba patnubay? Nag-iisa kasi siya sa gubat kaya sinabing "ang ulila niyang lagay."

Kaugnay pa rin ng di nawawalang tiwala sa patnubay ng Diyos kaya sa tuwi-tuwina'y lumuluhod siya at nagdarasal.



135 Sinapit ding maginhawa
ang landas na pasalunga;
si Don Jua'y lumuhod na't
sa Birhe'y napakalara.



136 "Ako'y iyong kahabagan,
Birheng kalinis-linisan,
nang akin ding matagalan
itong matarik na daan!"

137 Nang sa Birhe'y makatawag
ay sandaling namanatag,
kumai't nagpasalamat
sa Diyos, Haring mataas.

Napansin mo ba, dahil sa pananalig sa Birhen, hindi nakaisip ng gutom ang prinsipe.

138 Sa baong limang tinapay
ang natira'y isa na lang,
di rin niya gunamgunam
na sa gutom ay mamatay.

Limang tinapay lamang ang baon ni Don Juan ngunit may natira pang isa makaraan ang apat na buwang paglalakbay. Samakatwid, isang tinapay lamang isang buwan ang ikinabuhay niya.

Kapani-paniwala ba ito? Kababalaghan yata.

Ang pagiging mapagkawanggawa ay pinatunayan ni Don Juan nang makakita siya ng isang matandang leproso na humingi ng pagkain sa kanya. Ang mga leproso o ketongin ay pinakaiiwasan nang mga panahong iyon sapagkat walang gamot sa ketong at pinaniniwalaan pang ito'y nakahahawa.

Nandiri ba si Don Juan? Nahulaan mo. Hindi. Nilapitan ni Don Juan ang leproso at masayang ibinigay rito ang natitira niyang tinapay.

Naniniwala ka ba na ang mabuting gawa ay nagbubunga ng isa pa uling mabuting gawa? Napatunayan ito ni Don Juan. Paano? Dahil ang matandang nilimusan niya ang nagturo sa kanya sa isang ermitanyo na nagpayo kung paano mahuhuli ang Ibong Adarna.

Ngayon, basahin mo ang mga saknong na nagsasalaysay kung paano nahuli ni Don Juan ang Ibong Adarna. Upang hindi makatulog sa matamis na awit ng ibon, sinunod ni Don Juan ang payo ng

ermitanyo na tuwing matatapos ng isang awit ang ibon ay hiwain niya (ni Don Juan) ang daliri at patakan ng dayap.

Sa palagay mo ba'y makatutulong ito? Makirot na nga ang sugat, papatakan pa ng dayap Aba, sa matinding sakit, makakatulog ba siya? Tiyak, hindi.

Narito ang mga saknong tungkol sa paghuli sa Ibong Adarna. Tiyak na makatutulong sa iyong mabasa ang ilang piling saknong sa korido para mas mapahalagahan at maunawaan mo ang aralin.



*Ano ang ginawa ni Don Juan para mapawi ang antok?*

207 Napawi ang pag-aantok
dahil sa tindi ng kirot;
si Don Juan ay lumuhod,
nagpasalamat sa Diyos.

*Ilang beses kumanta ang ibon?*

208 Pitong kanta nang malutas
nitong ibong sakdal-dilag,
pito rin ang naging sugat
ni Don Juang nagpupuyat.

*Ano ang ugali ng ibon bago matulog?*

209 Ang ibon ay nagbawas na
ugali pagtulog niya,
sa Prinsipe nang makita'y
inilagan kapagdaka.

*Ano ang hinintay ni Don Juan?*

210 Kaya hindi tinamaa't
naligtas sa kasawian,
inantay nang mapahimlay
ang Adarnang susunggaban.

*Paano kung matulog ang Adarna?*

211 Kung matulog ang Adarna
ang pakpak ay nakabuka,
dilat ang dalawang mata
kaya't gising ang kapara.

*Nang tulog na ang ibon, ano ang ginawa ni Don Juan?*

212 Nang si Prinsipeng matatap
tulog ng ibo’y panatag,
dahan-dahan nang umakyat
sa puno ng Piedras Platas.

213 Agad niyang sinunggaban
sa paa’y biglang tinangnan
at ginapos nang matibay
ng sintas na gintong lantay.

*Saan dinala ni Don Juan ang ibon?*

214 Sa katuwaang tinamo
halos di magkantututo,
ang Adarna ay pinangko’t
dinala sa Ermitanyo.

215 Magalak namang kinuha
ang nahuli nang Adarna,
at hinimas pang masaya
nang ipasok na sa hawla.

*May ipinakuha ang ermitanyo kay Don Juan, ano ito?*

216 Saka anang Ermitanyo:
“Iyang banga ay kunin mo,
madali ka at sa iyo’y
merong iuutos ako.

*Para saan?*

217 “Punin mo ng tubig iya’t
ang dalawang bato’y busan,
nang sa bato’y magsilitaw
ang dalawang iyong mahal.”

218 Si Don Juan ay sumalok
ng tubig na iniutos
at sa batong nakapuntod
dahan-dahang ibinuhos.

*Ano ang nangyari nang mabuhusan ng tubig ang bato?*

219 Si Don Pedro ay nagtindig
at niyakap ang kapatid
sa pagkadaop ng dibdib
kapwa sila nananangis.

220 Isinunod si Don Diego
na nang siya’y maging tao
di mawari itong mundo
kung ang dati o nabago.

*Ano ang nasabi ng magkakapatid sa isa't isa?*

221 Gaano ang pagtatalik
nitong tatlong magkapatid
bawat isa ay may sambit
na sa puso ay pag-ibig.

222 Lalo na nga ang dalawang
sa dalita'y natubos na,
anuman ang ialala
kay Don Juan ay kulang pa.

Ngayong nahuli na ang Ibong Adarna, makauwi na kaya ang tatlong magkakapatid? Gumaling kaya ang amang hari kapag nakauwi na sila at narinig ang awit ng mahiwagang ibon? Ano sa palagay mo?

**Linangin**

Nagustuhan mo ba ang mga bahaging binasa mo? Siyempre naman, di ba? Kasi'y talaga namang kawili-wili ang kwento tungkol sa paghahanap sa Ibong Adarna. Bukod sa maganda na nga ang ikinukwento, maganda pa ang paraan ng pagkukwento. Ito ay patula. Natatandaan mo ba kung ilan nga ang bilang ng pantig sa bawat taludtod? Walo, di ba? At may tugma o magkakatulad na dulong tunog sa bawat taludtod.

Matapos mong basahin ang ilang piling saknong, mailalarawan mo na ba ang mga tauhan batay sa mga tiyak na bahagi ng korido?

Paano na nga inilarawan ang panganay na si Don Pedro? Di ba sa pagbanggit sa kanyang ***tindig na pagkainam***? Guwapo, ano? Matikas. Tindig-prinsipe. Aling saknong at taludtod ang naglalahad nito? Kung ang sagot mo ay S14 T1-2, tama ka.

Si Don Diego naman, ano naman ang sinasabi tungkol sa kanya? Anong salita ang ginamit sa paglalarawan sa kanya? ***Malumanay***, di ba? Matutukoy mo ba ang saknong na nagsasaad nito? Tama, S14 T4.

Mas detalyado at mahaba ang paglalarawan sa pagkatao ni Don Juan. Ano ang palayaw ng ama niya sa kanya? Di ba ***Sumikat na isang Araw***. Ang galing, ano? Araw – nagbibigay liwanag sa mundo. Aling saknong ang nagsasaad nito? Ang sagot mo ba'y S16? Tama ka.

May mga katangian o magagandang ugali si Don Juan na tila wala sa mga kapatid. Nakatala ito sa ibaba. Hanapin mo ang mga saknong na nagpapatunay ng mga ito:

1. Naniniwala sa bendisyon ng magulang

2. Nakahanda sa hirap

3. Laging nagdarasal

4. Mapagmahal

Tama ka kung ganito ang mga sagot mo:

1. S 123
2. S 126-127
3. S 129-130, 136-138
4. S 15

Mayroon namang kapintasan ang dalawang nakatatandang kapatid. Kaya siguro hindi sila nagtagumpay sa paghuli sa Adarna. Ano ang kapintasang ito? Naalala mo pa ba? Di ba si Don Pedro ay nagkulang sa tiyaga? Sa matinding pagod ay natulog na agad siya sa ilalim ng Piedras Platas at di na nahintay ang Adarna. Hayun, nabagsakan tuloy ng dumi ng ibon.

Si Don Diego naman? Sobrang tiwala sa sarili ang nagpahamak sa kanya. Pagkakita sa Adarna ay tiniyak na agad na mahuhuli niya ito. Iyon pala, hindi niya napaglabanan ang antok nang umawit ang ibon. Kaya naging bato ring tulad ng kapatid.

**Gamitin**

Basahin ang sumusunod na mga saknong. Piliin mo kung alin sa mga ito ang naglalarawan ng pag-uugali ng tao at alin ang nagsasalaysay ng pakikipagsapalaran ng tauhan. Itala sa iyong sagutang papel ang mga sagot.

82 Baon sa puso at dibdib
ay makita ang kapatid,
magsama sa madlang sakit
sa ngalan ng amang ibig.

83 Parang, gubat, bundok, ilog
tinahak nang walang takot
tinutunton ang bulaos
ng Tabor na maalindog.

87 Salungahing matatarik
inaakyat niyang pilit
ang landas man ay matinik
inaaari ring malinis.

105 Sa batong kinauupa'y
mahimbing na nagulaylay,
naengkanto ang kabagay,
nagahis nang walang laban.

109 Katulad din ni Don Pedro
siya'y biglang naging bato,
magkatabi at animo'y
mga puntod na may multo.

146 Sa lalagya'y dinukot na
yaong tinapay na dala,
iniabot nang masaya
sa matandang nagdurusa.

185 Kung tunay po ang pahayag
titiisin ko ang lahat,
maging hangga man ng palad
tutupdin ko yaring hangad.

O, naisulat mo na ba? Tingnan mo kung ganito ang mga sagot mo. Ang mga Saknong 82, 146 at 185 ay tungkol sa pag-uugali ni Don Juan. Ang S82 ay nagsasaad ng determinasyon ni Don Diego na hanapin ang Adarna at pati na ang kapatid na di niya alam ay naging bato kaya hindi nakauwi. Nakahanda siya sa hirap matupad lamang ang misyon.

Sa S146 naman, ang pagiging mapagkawanggawa ni Don Juan ang inilalahad. Si Don Juan pa rin ang inilalarawan sa S185. Ano ang sinasabi rito? Na nakahanda siyang magtiis hanggang kamatayan para makuha ang ibong lunas sa ama.

Tungkol naman sa pakikipagsapalaran, aling mga saknong ang napili mo? Kung ang sagot mo ay S83 at S87, tama ka uli. Ang nabanggit na mga saknong ay tungkol sa pakikipagsapalaran ni Don Pedro sa pagtugpa sa Bundok Tabor. Ang S105 at S109 naman? Tama ka. Ang mga ito ay tungkol pa rin sa pakikipagsapalaran ni Don Diego sa paghanap sa Ibong Adarna. Ano ang kinahinatnan niya? Di ba naging bato?

**Lagumin**

Sa sub-araling ito, anu-ano ang napag-aralan mo? Tingnan mo nga kung katulad ng nasa ibaba ang naiisip mo:

1. Paglalarawan sa tatlong prinsipe:

- Si Don Pedro, ang panganay, ay may tindig na pagkainam.
- Si Don Diego, ang pangalawa, ay malumanay
- Si Don Juan, ang bunso, ay "Sumikat na isang Araw," laging may pagsuyo at siyang paborito ng ama.
- May kapintasan ang 2 nakatatandang prinsipe kaya di nagtagumpay sa paghuli sa ibon: Si Don Pedro ay kinulang sa tiyaga; si Don Diego naman ay may sobrang tiwala sa sarili.
- May positibong ugali din naman sina Don Pedro at Don Diego: Kapwa masunurin sa atas ng ama na hanapin ang ibon, at kapwa rin tumalaga sa hirap sa paglalakbay sa kabundukan

2. Pakikipagsapalaran ng 3 prinsipe
    - Silang tatlo'y isa-isang naghanap sa Ibong Adarna
    - Pawang dumanas ng hirap sa pag-akyat sa bundok.
    - Si Don Juan ang nagtagumpay dahil sa mga positibong pag-uugali niya at mga katangian tulad ng pagiging madasalin, pagkamapagkawanggawa, atb.

**Subukin**

Handa ka na bang sumagot sa mga tanong?

1. Basahin ang saknong at sagutin ang mga tanong.

19 May paniwala ang ama
na di ngayo't Hari siya,
maging mangmang man ang bunga
sa kutya ay ligtas sila.

a. Sino ang amang tinutukoy rito?
b. Ano o sino naman ang bungang tinutukoy sa T3?
c. Ang S19 ay tungkol sa paniwala ng Hari na (1) mahalaga ang pag-aaral ng mga prinsipe, (2) pagkutya ng mga taong bayan

20 Alam niyang itong tao
kahit puno't maginoo
kapag hungkag din ang ulo
batong agnas sa palasyo.

a. Sino ang tinutukoy ng ***niya*** sa T1?
b. Ano ang ibig sabihin ng ***puno*** sa T2: (1) punungkahoy, (2) puno o ulo ng isang kaharian
c. Ano naman ang ibig sabihin ng maginoo: (1) taong magalang at pinong kumilos, (2) mataas na uring tao sa isang kaharian

d. “Kapag hungkag din ang ulo,” ibig sabihi’y (1) walang alam, (2) walang pinag-aralan, (3) parehong (1) at (2)
e. Ang “batong agnas sa palasyo” ay nangangahulugang (1) batong nabubulok, (2) makasisira sa kaharian

2. Batay sa mga nabasa mo, sagutin ang mga tanong:

   a. Ano ang ginawa ni Don Juan para di makatulog sa awit ng Ibong Adarna? Tukuyin ang bilang ng saknong na nagsasaad nito.
   b. Ilang beses umawit ang Adarna? Aling saknong ang nagsasaad nito?
   c. Ano ang ginawa ng ibon pagkatapos ng pitong kanta? Tukuyin kung aling saknong ang nagsasalaysay nito.
   d. Ano ang ipinantali ni Don Juan sa Adarna? Sa aling saknong makikita ang detalyeng ito?

3-4. Bakit hindi nagtagumpay sa paghuli sa Adarna sina Don Pedro at Don Diego? Tapusin ang pangungusap: Kasi, si Don Diego ay ____________________ samantalang si Don Pedro naman ay ______________________________.

Kung nasagot mo nang tama ang lahat ng tanong, hindi mo na kailangang sagutan ang susunod na bahagi.

**Paunlarin**

Basahin ang mga saknong at ibigay ang ugaling isinasaad sa mga ito:

**207** Napawi ang pag-aantok
dahil sa tindi ng kirot
si Don Juan ay lumuhod,
nagpasalamat sa Diyos.

**208** Ang ibon ay nagbawas na
ugali pagtulog niya,
sa Prinsipe nang makita’y
inilagan kapagdaka.

**209** Kaya hindi tinamaa’t
naligtas sa kasawian,
inantay nang mapahimlay
ang Adarnang susunggaban.

Mga sagot:

S207: pagdarasal, laging pagpapasalamat sa Diyos

S208: ibon - pagdumi bago matulog; Don Juan – pagkamaagap

S209: tiyaga sa paghihintay

## Sub-Aralin 3:

### Sanhi at Bunga, Pakay at Motibo at mga Paniniwala

***Layunin***: Pagkatapos mo ng sub-araling ito, inaasahang ikaw ay nakapagsasagawa ng pag-aanalisang kritikal sa tulong ng mga tiyak na bahaging nagpapakita ng:

- sanhi at bunga kaugnay ng mga pangyayari at kinahinatnan
- pakay at motibo ng bawat tauhan
- mga paniniwalang inilahad

**Alamin**

Nahuli na nga ang Ibong Adarna at pauwi na ang tatlong magkakapatid. Ngunit may iba pa palang mukha ang pagkatao ni Don Pedro. Ano ito? Tuklasin mo sa mga sumusunod na saknong.

**233** Nagsilakad na ang tatlo
katuwaa'y nag-ibayo
datapwat si Don Pedro'y
may masama palang tungo.

**234** Nagpahuli kay Don Jua't
kay Don Diego umagapay,
ito'y kanyang binulungan
ng balak na kataksilan.

Bakit nagpahuli si Don Pedro? Ano ang balak niya? Di ba ***kataksilan***? Saang taludtod mo makikita ang salitang ito? Tama. Sa T4.

**235** "Mabuti pang dili hamak
si Don Juan," anyang saad,
"at sa ama nating liyag
ay marangal na haharap.

Bakit marangal daw na haharap sa kanilang ama si Don Juan? Tama. Kasi nga, siya ang nakahuli sa Ibong Adarna. Samantala, ang mga nakatatandang kapatid – ano ang nahuli nila? Di ba naging bato nga?

Naalala mo pa bang panganay si Don Pedro? Kaya mas malaki ang responsibilidad niya. Pero hindi siya ang nagtagumpay. Sa palagay mo, ito ba ang dahilan kung bakit nakaisip siya ng di mabuti?

**236** "Pagkat ipaglihim nama'y
mabubunyag din ang tunay
ang Adarna'y kay Don Jua't
ang sa ati'y kabiguan.

**237** "Kaya ngayon ang magaling
si Don Juan ay patayin,
kung patay na'y iwan nati't
ang Adarna nama'y dalhin."

Ano ang balak ni Don Pedro? Saang saknong at taludtod ito makikita? Tama ka kung ang sagot mo ay S237 T2.

At ano naman ang naging reaksyon ni Don Diego? Magpatuloy ka.

**238** Si Don Diego ay nasindak
sa mungkahing kahahayag,
matagal ding nag-apuhap
ng panagot na marapat.

Nasindak si Don Diego sa balak, di ba? Aling taludtod ang nagsasaad nito? T1, di ba? Pumayag ba siya agad? Hindi siya nakasagot nang matagal, di ba?

Sa sarili'y inamin niyang may "…matuwid/kay Don Juan ay mainggit/." Bakit kaya?

Ganito ang paglalarawan sa karakter ni Don Diego.

**242** Nakahambing ni Don Diego
yaong si Bernardo Carpio,
nagpipilit na matalo
ang nag-uumpugang bato.

**243** Datapwat sa dahilang
ang tao’y may kahinaan,
ayaw man sa kasamaa’y
nalihis sa kabutihan.

Di nagawang sumalungat ni Don Diego sa masamang balak ng panganay. Angkop kaya ang salitang ***malumanay*** na ginamit sa paglalarawan sa kanya sa S14? Ang ibig sabihin ng salitang ito ay marahan ang pagkilos at di padalus-dalos. Ngunit tila hindi gayon lamang si Don Diego, kundi wala ring paninindigan. Sang-ayon ka ba?

Hindi pinatay ng dalawa ang bunsong kapatid. Ngunit itinuloy pa rin ang masamang balak. Hindi nga pinatay ngunit ano ang ginawa nila? Binugbog nila si Don Juan. Lumaban ba ang bunsong prinsipe? Ni hindi siya nagtangkang lumaban. Iniwan siyang hindi makagulapay sa daan, samantalang iniuwi ng dalawang nakatatandang kapatid ang Adarna.

Ano naman kaya ang mararamdaman ng isang kabataang tulad mo, na namumuhay sa kasalukuyang siglo, o may 300 taon na makalipas ang tagpuan ng korido, kung ikaw ang bugbugin ng sarili mong mga kapatid mapasakanila lamang ang karangalang pinaghirapan mo?

Ang sakit naman! Parang ang hirap magpatawad. Ngunit iyon ang ginawa ni Don Juan. Ikaw, kaya mo iyon? Kung ikaw si Don Juan, ano ang gagawin mo? Maghihiganti ka ba? Gagantihan rin ba na katapat na kasamaan ang ginawa ng kapatid mo?

Sa isang banda, mas mabuti nang magpatawad, di ba? Magkakapatid naman kayo. May iisang pinagmulan. Sabi nga ni Don Juan sa S396 T3-4: “kami’y pawang anak naman/sa lingap mo nananangan.”

Sa gitna ng paghihirap dahil sa bugbog na natamo, ganito pa ang sinabi ni Don Juan:

**289** “Sila nawa’y patawarin
ng Diyos na maawain
kung ako man ay tinaksil
kamtan nila ang magaling.”

Sa halip na mag-isip ng masama laban sa dalawang kapatid, ang inisip pa rin niya ay ang kagalingan ng mga ito.

Ngunit pagdating sa Berbanya, di naging lunas sa maysakit ang ibon. Bakit kaya? Ayaw kasi nitong umawit at naging napakapangit pa.

Samantala, muli, isang matanda ang tumulong kay Don Juan para gumaling sa mga bugbog at makauwi sa Berbanya.

Bakit kaya laging matanda ang nakakatulong sa bida? Dahil kaya sa kulturang Pilipino, lubos na iginagalang ang matatanda at may tanging lugar sa lipunan? Ano sa palagay mo?

Nang makauwi na si Don Juan, biglang umawit ang Ibong Adarna. Isinalaysay nito ang mga nangyari, mula nang mahuli siya ni Don Juan hanggang sa ginawang pagtataksil nina Don Pedro at Don Diego.

Nang malaman ng hari ang lahat, malupit na parusa ang ibig niyang ipataw sa magkapatid. Ano kaya ito?

Aniya: "Ipatapon at bawian/ng lahat ng karapatan." (S391.)

Naipatupad ba ang parusa? Tama, hindi. Bakit? Sino ang namagitan para di maparusahan ang dalawang nagkasala?

Tama ang sagot mo. Mismong si Don Juan ang humiling sa kanilang ama na patawarin ang dalawang nagkasala. Basahin ang mga saknong na nagpapakita ng kabaitan at pagiging mapagpatawad ni Don Juan:

392 Ang hatol nang maigawad
si Don Juan ay nahabag,
sa ama agad humarap
at hiningi ang patawad.

393 Lumuluha nang sabihing:
"O, ama kong ginigiliw,
ang puso mong mahabagin
sa kanila'y buksan mo rin.

Ano ang sinabi ni Don Juan na buksan ng hari? Di ba ang pusong mahahabagin ng ama?

394 "Malaki man po ang sala
sa aki'y nagawa nila,
yaon po ay natapos na't
dapat kaming magkasama.

Ano ang dahilan ni Don Juan sa paghingi ng tawad para sa dalawang kapatid? Di ba dahil sa samahan ng magkakapatid na masisira kung lalayo ang dalawa? Mahalaga para sa bunso ang lagi silang magkakasama. Gayon din ba sa inyong pamilya?

395 "Ako naman ay narito
buhay pa ri't kapiling mo
wala rin ngang nababago
sa samahan naming tatlo.

396 "Sila'y aking minamahal
karugtong ng aking buhay,
kami'y pawang anak naman
sa lingap mo nananangan.

Ano pa rin ang damdamin ng bunso sa mga kapatid sa kabila ng nagawa ng mga ito sa kanya? Di ba pagmamahal pa rin? Ikaw, kaya mo iyon? Dapat, di ba?

397 “Hindi ko po mababatang
sa aki’y malayo sila,
kaya po ibigay mo na
ang patawad sa kanila.”

Nabagbag naman ang puso ng hari kaya sinabi niya:

399 Haring ama’y nagsalita,
mabalasik yaong mukha:
“Kayo ngayon ay lalaya,
sa pangakong magtatanda.

400 “Sa araw na kayo’y muling
magkasala kahit munti,
patawarin kayo’y hindi
sinuman nga ang humingi.”

Matupad kaya ang banta ng hari na di na niya muling patatawarin ang dalawang anak na taksil? Hindi pa natin malalaman sa modyul na ito kundi sa mga susunod na bahagi na ng ***Ibong Adarna***. Pero mahulaan mo kaya ang sagot ngayon pa lamang?

**Linangin**

Ngayo’y nakilala mo na ang tunay na pagkatao nina Don Pedro at Don Diego. Anong mga salita ang masasabing naglalarawan ng pagkatao ng panganay at ng pangalawang anak?

Mainggitin ba ang nasa isip mong salitang maikakapit kay Don Pedro? Tama. Kay Don Diego naman? Tila mahina ang kanyang karakter at madaling mahikayat sa kasamaan, di ba? Ano na nga ang sinasabi sa S243? Di ba ganito: “ayaw man sa kasamaa’y/nalihis sa kabutihan.”

Bakit naman kaya naging mainggitin si Don Pedro? Iniisip mo bang dahil si Don Juan ang paborito at hindi siya? Posible iyan. Di ba sa lipunang Pilipino, mabigat ang responsibilidad ng panganay pero sa bunso ay puro pagmamahal ang ipinapakita, nang walang inaasahang responsibilidad. Maaaring iyan ang ugat ng inggit ni Don Pedro.

Si Don Diego naman, dahil panggitnang anak, di gaanong napapansin, kaya naging mahina ang karakter.

Samakatwid, bakit nagbalak ng masama si Don Pedro kay Don Juan? Kasi, bilang panganay, siya ang higit na inaasahang makapag-uuwi ng ibon. Pero nadaig siya ng bunso. Ang sanhi ng masamang balak niya sa bunsong kapatid ay inggit. Ano naman ang ibinunga nito? Di ba ang ginawa nga nilang pagtataksil sa bunso – ang pagbugbog dito at pag-iwan sa daan samantalang iniuwi nila ang ibon.

Ang mga iya'y dugtung-dugtong na mga pangyayari ng sanhi at bunga at motibo ng mga tauhan.

**Gamitin**

Subuking muli kung alam mo nang magpakahulugan sa mga ideang isinasaad sa mga saknong.

Tingnan mo nga kung ano naman ang isinasaad sa sumusunod na mga saknong:

**296** Lahat dito'y pasaliwa
walang hindi balintuna,
ang mabuti ay masama't
ang masama ay dakila.

**298** Kaya naging kasabihan
ng lahat na ng lipunan,
sa langit ang kabanalan
sa lupa ang kasalanan.

Si Don Juan ang nagsasalita sa mga saknong na iyan. Marahil, kahit mapagpatawad at wika nga'y may malaking puso, hindi pa rin naiwasan ni Don Juan ang maghinanakit. Kaya niya nabigkas ang mga pananalita sa mga saknong sa itaas.

Ano ba ang ideang nakapaloob sa S296? Na baligtad ang mundo. Ang masama ang kinikilalang mabuti at ang mabuti ang nagiging masama.

Sa S297 naman, tila yata kailangan mo pang mamatay muna para makita ang tunay na kabutihan na sa langit lamang matatagpuan. Ganyan din ba ang naging interpretasyon mo? Kung gayon, tama ang iyong mga hinuha.

Ngunit sang-ayon ka ba? Pinaniniwalaan mo ba ang mga ideang nakapaloob sa mga saknong na ito? Marahil ay hindi, ano? Ano man ang mangyari, malalampasan mo, basta't may determinasyon kang magtagumpay.

Gaya ni Don Juan, huwag mong kalilimutang humingi ng patnubay sa iyong mga magulang o sino mang nakatatanda, at sino mang nasa itaas na kinikilala mo at dinadasalan.

Tungkol naman sa pagsasama ng magkakapatid, maganda ang paniniwalang inilahad ni Don Juan. Ano ito? Balikan mo ang S 394-397. Dapat laging buo ang samahan ng magkakapatid ano man ang naging kasalanan ng isa o dalawa sa kanila. Sang-ayon ka ba?

Sa gitna ng matinding sakit ng katawang pinagdaraanan ni Don Juan, nanawagan siya. Kanino kaya siya nanawagan?

**303** "O, ina kong mapagmahal
kung ngayon mo mamamasdan,
ang bunso mong si Don Juan
malabis kang magdaramdam."

Sinong ***ina*** ang kinakausap ni Don Juan sa saknong sa itaas? Ang Inang Birhen ba, gaya ng dati na niyang pinananawagan? Hindi, ang kanyang tunay na ina ang naalala niya sa mga sandaling ito. Natatandaan mo pa ba ang pangalan ng kanyang ina? Donya Valeriana, di ba?

**Lagumin**

Ano ang napag-aralan mo sa sub-araling ito? Gaya ba ng nasa ibaba ang nabubuo sa isip mo?

1. Mga pangyayari:

- Binugbog nina Don Pedro at Don Diego si Don Juan at iniwan itong di makagulapay sa daan
- Iniuwi ng dalawang nakatatandang kapatid ang Ibong Adarna
- Ayaw umawit ng ibon dahil hindi kasama ang tunay na nakahuli sa kanya
- Tinulungan si Don Juan ng isang matanda at himalang gumaling ang mga sugat niya at nakauwi siya
- Umawit ang ibon at nalaman ng hari ang katotohanan
- Hiniling ni Don Juan na patawarin ang kanyang mga kapatid
- Mula noon, gabi-gabi'y halinhinan ang tatlo sa pagbabantay sa ibon

2. Sanhi at bunga:

- Mainggitin si Don Pedro at ito'y nagbunga ng masamang balak laban sa bunsong kapatid
- Ayaw umawit ng Adarna kaya hindi pa rin gumaling ang hari
- Humingi ng tawad si Don Juan para sa mga kapatid kaya hindi sila naipatapon ng hari

3. Motibo ng tauhan

    - Ibig ni Don Pedro'y mapasakanya ang karangalan sa paghuli sa Adarna kaya siya nagbalak ng masama laban sa bunsong kapatid
    - Mahina naman ang karakter ni Don Diego. Kaya madali siyang nahila sa kasamaan.

4. Paniniwalang inilahad

    - Sa labis na sama ng loob ay nakapagpahayag si Don Juan ng ganito: Na sa mundong ito, ang masama ang nagiging mabuti sa mata ng tao samantalang ang mabuti naman ang nagiging masama; na tila sa langit na lamang matatamo ang tunay na kabutihan.
    - Dapat laging buo ang samahan ng magkakapatid kaya't kailangang matutong magpatawad kung may nagkamali sa kanila

**Subukin**

Handa ka na ba sa pagsubok sa iyong natutuhan?

1. Sagutin ang mga tanong:

    a. Ano ang binalak ni Don Pedro laban kay Don Juan?

    b. Ano ang motibo niya sa balak na ito?

    c. Sino ang kinasapakat niya?

    d. Pumayag ba ito?

    e. Ano ang ginawa nila kay Don Juan?
    f. Ano ang nangyari sa Ibong Adarna nang maiuwi na ito sa Berbanya?

    g. Ano ang dahilan ng ibon?

    h. Sino ang tumulong kay Don Juan upang gumaling at makauwi sa Berbanya?

    i. Ano ang isinalaysay ng ibon sa kanyang awit?

    j. Ano ang naging hatol ng hari sa dalawang nagkasalang anak?

    k. Ano naman ang ginawa ni Don Juan para sa dalawang kapatid?

    l. Ano ang katwiran o paniniwala niya tungkol sa magkakapatid?

4. Anong paniniwala ang inilalahad sa saknong sa ibaba?

**317** Diyos nga'y di natutulog
at ang tao'y sinusubok
ang salari'y sinusunog!
ang banal ay kinukupkop!

Ang paniniwala bang nakasaad dito ay tulad din ng nasa S296 at S298? Ang dalawang saknong na nabanggit ay tungkol sa pananalitang nasambit ni Don Juan sa tindi ng paghihirap niya. Ipaliwanag ang pagkakaiba ng dalawa.

Kung nasagot mo nang tama ang lahat ng tanong, hindi mo na kailangang sagutan ang ***Paunlarin.*** Maaari ka nang magpatuloy sa Modyul 7.

## Paunlarin

Ilahad ang mga paniniwalang nakasaad sa sumusunod na mga saknong:

**329** "Utang ko sa inyong habag
ang buhay kong di nautas,
ano kaya ang marapat
iganti ng abang palad?"

**330** Ang matanda ay tumugon:
"Kawanggawa'y hindi gayon
kung di iya'y isang layon
ang damaya'y walang gugol.

**331** "Saka iyang kawanggawa
na sa Diyos na tadhana,
di puhunang magagawa
nang sa yama'y magpasasa.



**332** "Huwag tayong mamantungan
sa ugaling di mainam,
na kaya kung dumaramay
ay nang upang madamayan.



**333** “Lalong banal na tungkulin
nasa dusa’y tangkilikin;
sa mundo ang buhay nati’y
parang nagdaraang hangin.”

## *Gaano ka na kahusay?*

Nasa ibaba ang ilang tanong para mataya kung ano natutunan mo sa modyul na ito.

Tandaan: Hindi mo susulatan ang modyul. Isulat ang mga sagot sa sagutang papel.

A. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Isulat sa iyong sagutang papel ang **T** kung tama ang pangungusap at **M** naman kung mali.

1. Ang korido ay maikling tulang pasalaysay.
2. Ang korido ay tulang may sukat at tugma.
3. Ang korido ay tungkol sa pakikipagsapalarang posibleng maganap sa tunay na buhay.
4. Kapag sinabing may sukat ang tula, pare-pareho ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.
5. Sinasabing di tiyak ang sukat ng tula kapag hindi pare-pareho ang bilang ng pantig sa bawat taludtod.
6. Magkatugma ang mga salitang ***pusa*** at ***puso*** dahil parehong may impit na tunog sa dulo.
7. Ang mga tauhan sa isang korido ay karaniwang mga hari at reyna, prinsipe at prinsesa at iba pang mga mahal na tao.
8. Magkatugma ang mga salitang ***lawiswis*** at ***pagaspas*** dahil parehong ***s*** ang dulong tunog.
9. Magkakatugma ang mga salitang ***taksil, sutil*** at ***bilbil.***
10. Ang ***Ibong Adarna*** ay isang korido.

B. Isulat sa sagutang papel ang tamang salita sa mga patlang. Piliin ang sagot sa mga salitang nakakulong sa parentesis.

11. Tatlong magkakapatid ang tauhan sa ***Ibong Adarna***. Ang bida ay ang _______ (panganay, pangalawa, bunso).
12. Ang paborito ng amang hari ay ang _______(panganay, pangalawa, bunso).
13. Sa paghahanap sa mahiwagang ibon, ang nagtagumpay ay ang _________ (panganay, pangalawa, bunso).
14. Dalawa sa tatlong magkakapatid ang naging bato. Sila ay ang __________(panganay at pangalawa, panganay at bunso, pangalawa at bunso).
15. Ang bunsong prinsipe ay nagtagumpay dahil laging siyang nananalangin at humihingi ng gabay at patnubay sa __________ (Mahal na Birhen, Panginoong Hesukristo, San Jose).
16. Nakatulong sa bunsong prinsipe ang isang _________ (matandang lalaki, matandang babae, munting bata).
17. Naging bato ang dalawang nakatatandang kapatid dahil napatakan sila ng _______ (dumi, laway, balahibo) ng Ibong Adarna.
18. Nang magkasakit ang Hari, ang tanging lunas ay ang _____ (laway, awit, itlog) ng Ibong Adarna.
19. Hindi nakasabay sa pag-uwi ng mga kapatid ang bunso dahil ___________ (binugbog siya ng 2 kapatid, binugbog siya ng mga magnanakaw, binugbog siya ng taong bayan).
20. Nang makauwi na ang bunso at umawit na ang Adarna, ang Hari ay biglang _______ (gumaling, naglubha, namatay).

C. Basahin ang ilang piling saknong at piliin sa mga salita sa ibaba ang katangiang ipinapahayag sa bawat saknong.

**48** Si Don Pedro'y tumalima
sa utos ng Haring ama,
iginayak kapagdaka
kabayong sasakyan niya.

(a) masunurin (b) mapagpakumbaba (c) matulin

**147** Sa lalagya'y dinukot na
yaong tinapay na dala,
iniabot nang masaya
sa matandang nagdurusa

(a) mapagkawanggawa (b) maramot (c) masayahin

**232** Nang sila ay magpaalam
ay lumuhod si Don Juan
hiniling na bendisyunan
ng Ermitanyong marangal.

Ang bendisyon ay:
(a ) patnubay ng matanda
(b) pagluhod sa matanda
(c) paghiling sa matanda

**291** "Sa akin po ay ano na
sinadlak man nga sa dusa,
kung may daan pang magkita
pag-ibig ko'y kanila pa."

(a) mapagpatawad (b) malilimutin (c) matampuhin

**395** "Malaki man po ang sala
sa aki'y nagawa nila,
yaon po ay natapos na't
dapat kaming magkasama."

(a) mapagtanim ng galit
(b) mapagpahalaga sa pagsasama ng magkakapatid
(c) mapag-isip ng masama sa kapatid

D. Basahin ang mga pangungusap sa ibaba. Alin ang sanhi at alin ang bunga sa dalawang pangyayaring inilalahad sa bawat pangungusap?

21. Pagod si Don Pedro kaya nakatulog agad.

Sanhi __________________ Bunga _______________

22. Di nakalilimot humingi ng patnubay si Don Juan kaya laging may tumutulong sa kanya.

Sanhi _________________ Bunga _________________

23. Ayaw umawit ng Ibong Adarna, kasi'y di nakasama sa pag-uwi sa Berbanya ang tunay na nakahuli sa kanya.

Sanhi _______________ Bunga _________________

24. Mainggitin si Don Pedro kaya siya nag-isip ng masama laban sa sariling kapatid.

Sanhi _______________ Bunga _________________

25. Gumaling ang hari nang marinig ang awit ng Ibong Adarna.

Sanhi _______________ Bunga _________________

26. S18 T1-2: "Sa pag-ibig ng magulang/ mga anak ay dumangal."

Sanhi_______________ Bunga _____________________

E. Anong paniniwala ang inilalahad sa sumusunod na mga saknong:

**19** May paniwala ang ama
na di ngayo't Hari siya,
maging mangmang man ang bunga
sa kutya ay ligtas sila.

a. kapag anak ng hari, igagalang kahit hindi nakapag-aral
b. kahit anak ng hari ay kailangang mag-aral
c. kapag anak ng hari ay ligtas sa pagkutya

**20** Alam niyang itong tao
kahit puno't maginoo
kapag hungkag din ang ulo
batong agnas sa palasyo.

a. mahalaga ang may mataas na pinag-aralan ang mga namumuno ng kaharian
b. mahalagang walang laman ang ulo ng mga namumuno
c. mahalaga ang maging puno't maginoo

**31** Ngunit itong ating buhay
talinghagang di malaman
matulog ka nang mahusay
magigising nang may lumbay.

a. isang palaisipan ang buhay
b. kapag masaya kang natulog, may problema paggising mo
c. paggising mo ay laging may problema

Mahal kong estudyante, kung tapos mo nang sagutan ito, kunin sa iyong guro ang Susi sa Pagwawasto. Iwasto nang maayos at tapat ang iyong papel. Maaari ka nang magpatuloy sa susunod na modyul.

***Mga Sanggunian***

Rodillo, Gregorio M. et al. 1998. Ibong Adarna: Isang Interpretasyon. Binagong Edisyon. Maynila: Rex Book Store.

Santillan-Castrence, Pura. 1940. Publikasyon Blg. 26 ng Surian ng Wikang Pambansa. Maynila: Surian ng Wikang Pambansa.



Susi sa Pagwawasto

Modyul 6
Ang Tatlong Prinsipe at ang Mahiwagang Ibon

***Ano na ba ang alam mo (Panimulang Pagsusulit)***

**A**.

| | |
|---|---|
| 1. M | 6. M |
| 2. T | 7. T |
| 3. M | 8. M |
| 4. T | 9. T |
| 5. T | 10. T |

**B.**

| | |
|---|---|
| 1. bunso | 6. matandang lalaki |
| 2. bunso | 7. dumumi |
| 3. bunso | 8. awit |
| 4. panganay at bunso | 9. binugbog siya ng 2 kapatid |
| 5. Mahal na Birhen | 10. gumaling |

**C.**

S 47: a. masunurin
S146: a. mapagkawanggawa
S 231: a.patnubay ng matanda
S 290: a. mapagpatawad
S 394: b. mapagpahalaga sa pagsasama ng magkakapatid

**D.**

1. Sanhi: Pagod si Don Pedro.
   Bunga: Nakatulog agad.

2. Sanhi: Di nakalilimot humingi ng patnubay
   Bunga: Laging may tumutulong sa kanya

3. Sanhi: Di nakasama sa pag-uwi sa Berbanya ang tunay na nakahuli sa kanya
   Bunga: Ayaw umawit ng Ibong Adarna

4. Sanhi: Mainggitin si Don Pedro
   Bunga: Nag-isip ng masama laban sa sariling kapatid

5. Sanhi: Narinig ang awit ng Ibong Adarna
   Bunga: Gumaling ang hari

6. Sanhi: Pag-ibig ng magulang
   Bunga: Mga anak ay dumangal

**E.**

S 19: b. kahit anak ng hari ay kailangang mag-aral
S 20: a. mahalaga ang may mataas na pinag-aralan ang mga namumuno ng kaharian
S 30: a. isang palaisipan ang buhay

***Sub-Aralin 1***

**1.**

**S 1**

a. Sa Birhen
b. Oo, iisa.
c. (1) layon ay
d. Ang ***layon*** ay nangangahulugang dahilan o mithing ibig makamit. Ang ***layo*** ay nangangahulugang 'agwat.' Ang ibig sabihin ng makata ay ang dahilan kung bakit siya tumutula.
e. Walo (8)

**S 4**

a. Takot
b. (1) paglalakbay sa dagat o ilog
c. (1) lumayag, (2) mapalaot, (3) mamangka

**S 8**

a. (1) mahusay mamahala
b. (1) may pagkakapantay-pantay ang mga mahirap at mayaman
c. Nanagana
d. Tama

**2.**

| | |
|---|---|
| T1 – 13 | T4 – 6 |
| T2 – 11 | T5 – 10 |
| T3 – 10 | T6 – 11 |

**3.** ***Mga magkakatugmang salita***

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| pag-ibig | palad | dusa | basbas | lawiswis |
| Pasig | Pilipinas | ganda | pagaspas | bagwis |
| | dilag | sirena | | |
| | lipad | halina | | |
| | lipas | ligaya | | |
| hangin | | | | |
| bangin | | | | |
| giliw | | | | |
| baliw | | | | |

**4.**

1. Magkaiba ang mga dulong patinig: **a** sa ***pagaspas*** at **i** sa ***lawiswis***.
2. Ang ***dusa*** ay walang impit na tunog pero ang ***dukha*** ay mayroon. Di magkatugma ang may impit at ang walang impit na tunog.

***Sub-Aralin 2***

**1.**
**S 19**

a. amang hari
b. anak ng hari
c. (1) mahalaga ang pag-aaral ng mga prinsipe

**S 20**

a. ang haring tinutukoy sa S19
b. (2) puno o ulo ng isang kaharian
c. (2) mataas na uring tao sa isang kaharian
d. (3) parehong 1 at 2
e. (3) makasisira sa kaharian

**2.**
a. Hiniwa ang palad at pinatakan ng dayap
b. Pito (7). S 208
c. Nagbawas o dumumi. S209
d. Gintong sintas. S 213

3. Nagkulang sa tiyaga.
4. Sobra ang tiwala sa sarili.

***Sub-Aralin 3***

1.

a. Patayin si Don Juan
b. Para mapasakanila ni Don Diego ang karanglan sa pag-uuwi ng ibon
c. Si Don Diego
d. Hindi
e. Binugbog nila si Don Juan
f. Pumangit at ayaw umawit
g. Hindi kasama sa pag-uwi sa Berbanya ang tunay na nakahuli sa kanya
h. Isang matandang lalaki
i. Ang tunay na nangyari: ang pagkakahuli ni Don Juan sa Ibong Adarna, ang pagbugbog nina Don Pedro at Don Diego kay Don Juan at pag-iwan dito sa daan, ang pagsisinungaling sa amang hari.
j. Ipatapon at bawian ng lahat ng karapatan
k. Humingi ng tawad sa hari para kina Don Pedro at Don Diego
l. Dapat na magkakasama ang magkakapatid

2. Kabaligtaran ng S296 at S298